


**8. Mag-ani sa tamang panahon.**

* Anihin ang palay kapag 80-85% ito ay hinog na.
* Ginikin kaagad ito para maiwasan ang mga kawalan at pagbabago sa kalidad ng palay.
* Patuyuin ang palay hanggang 14% moisture content upang di-masira pag-inimbak.
* Linisin ang palay at siguraduhin ding malinis ang imbakan. Nakakaikot dapat ng maayos ang hangin sa loob nito upang di-magpawis ang kapaligiran at makaapekto sa kalidad ng inimbak na palay.

***Paalala:** Ang pagkahuli sa pag-aani ay maaring magdulot nang pagkalagas ng mga butil. Kapag napaaga naman, nagdudulot ito ng hilaw na butil na madaling madurog sa gilingan.*

Ang pagkakaiba nang pagsasaka ng palay na hybrid sa karaniwang gawain ng magsasaka:

1. Paggamit ng 20 kilong buto ng hybrid bawat ektarya.
2. Paglagay ng 10-15 sako ng organikong mga bagay sa 40 $m^2$ punlaan.
3. Pagpunla o pagsabog ng 20 kilong buto ng hybrid sa 400 $m^2$ punlaan.
4. Paglilipat-tanim nang 1-2 punla bawat tundos.
5. Paggamit ng bagong buto ng hybrid bawat taniman.

## COST ESTIMATES ANALYSIS FOR HYBRID RICE PRODUCTION

**Area:** *1.0 ha.* **Type:** *Irrigated* **Yield (Net):** *120 Bags*

| ACTIVITY | PARTICULAR | QUANTITY | | UNIT COST | | TOTAL | | REMARKS |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | MANUAL | MECHANIZED | MANUAL | MECHANIZED | MANUAL | MECHANIZED | |
| **SEEDS/ BED PREPARATION** | Seeds (Hybrid Seeds) | 1 Bag @40kls | 1 Bag @40kls | 5,000 | 5,000 | 5,000 | 5,000 | |
| | Bed Preparation (Labor) | 1 Man day x1 day | 1 Man day x1 day | 400 | 400 | 400 | 400 | |
| **LAND PREPARATION** | Clearing/ Prep of Dikes (Labor) | 4 Man day | | 400 | 400 | 1,600 | 400 | |
| | Plowing (Labor) | Pakyaw (Hand Tractor) | | Pakyaw | Mechanized | 7,500 | - | |
| | Harrowing (Labor) | Pakyaw (Hand Tractor) | | Pakyaw | Mechanized | | - | |
| | Field Leveling (Labor) | 2 Mans Animal day x1 day | | 850 | Mechanized | 1,700 | - | |
| | Wheel Tractor (Hired) | | 2 days/ha. (Rent) | | 4,000 | | 4,000 | |
| **PLANTING** | Pulling/ Dist of Seeding (Labor) | 3 Man day x1 day | 3 Man day x1 day | 400 | 400 | 1,200 | 400 | |
| | Lining (Guhit) (Labor) | 1 Man day x1 day | | 400 | | 400 | | |
| | Transplanting (Labor) | 15 Man day x1 day | | 400 | | 6,000 | | |
| | Replanting (Labor) | 3 Man day x1 day | 3 Man day x1 day | 400 | 400 | 1,200 | 1,200 | |
| | Rice Transplanter (Hired) | | 2 days/ Ha. | | 2,000 | | 4,000 | |
| **PLANT CARE AND MANAGEMENT** | Weeding (Labor) | 3 Man day | 3 Man day | 400 | 400 | 1,200 | 1,200 | |
| | Fertilization (Labor) | | | | | | | |
| | Basal | 1 Man day x1 day | 1 Man day x1 day | 400 | 400 | 400 | 400 | |
| | Top Dress | | | | | | | |
| | 1st App | 1 Man day x1 day | 1 Man day x1 day | 400 | 400 | 400 | 400 | |
| | 2nd App | 1 Man day x1 day | 1 Man day x1 day | 400 | 400 | 400 | 400 | |
| | Spraying | 1 Man day | 1 Man day | 400 | 400 | 400 | 400 | |
| | **Chemicals** | | | | | | | |
| | Molluscicide | 1 liter | 1 liter | 750 | 750 | 750 | 750 | |
| | Herbicides | 1 liter | 1 liter | 900 | 900 | 900 | 900 | |
| | Insecticides | 1 liter | 1 liter | 950 | 950 | 950 | 950 | |
| | Fungicide | 1 liter | 1 liter | 900 | 900 | 900 | 900 | |
| | **Fertilizers** | | | | | | | |
| | Complete | 2 bags | 2 bags | 1,910 | 1,910 | 3,820 | 3,820 | |
| | Ammophos | 2 bags | 2 bags | 1,820 | 1,820 | 3,640 | 3,640 | |
| | Urea | 2 bags | 2 bags | 2,850 | 2,850 | 5,700 | 5,700 | |
| | Muriate of Potash | | | | | | | |
| | Others | | | | | | 31,380.00 | |
| **HARVESTING** | Harvesting (Labor) | 10 Man day x1 day | | 400 | | 4,000 | | |
| | Piling (Labor) | 4 Man day x1 day | | 400 | | 1,600 | | |
| | Threshing (Labor) | Pakyaw | | | | 9,600 | | |
| | Cleaning (Labor) | | | | | | | |
| | Bagging (Labor) | | | | | | | |
| | Hauling (Labor) field to House | 120 bags | 120 bags | 30 | 30 | 720 | 720 | |
| | Rice Combine Harvester (Hired) | | 10:1 (Rent) 12 Cavs/h.a. | | 800.00/ cavs | | 9,600 | |
| **TOTAL COST** | | | | | | **60,380** | **45,180** | |
| **GROSS/ RETURN INCOME** | | | | | | **96,000** | **96,000** | 50 kilos/bag =120 bags net 16.00 kl/Fresh |
| **NET INCOME/ RETURN** | | | | | | **35,620** | **50,820** | |
| **ROI** | | | | | | **58%** | **112%** | |

**Ang dami ng abonong ilalagay ay magbabago depende sa resulta ng soil analysis at sa panahon ng pagtatanim.*
**Ang presyo ng hybrid seed ay depende sa variety na gagamitin.*

Inihanda ng Provincial Government of Camarines Norte sa pamamagitan ng Office of the Provincial Agriculturist.
Ito'y hango sa ginawang polyeto ng PhilRice at Department of Agriculture RFO-V

# Teknolohiya sa Produksiyon ng Hybrid Rice




Provincial Government of Camarines Norte
Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)
Provincial Capitol Building, Daet, Camarines Norte
https://opagcamnorte.com
Facebook: OPAg Camarines Norte
Email: opagcamnorte@yahoo.com
Tel. No.: (054) 721-0291

Halos umabot sa mahigit na 60 ang uri ng hybrid rice na nilabas sa Pilipinas at ito ay tinatawag na **Mestizo Variety**. Subalit sa mga nilabas na hybrid rice ang halos na ginagamit at subok na ng magsasaka ay ang gawa sa Baya, Syngenta, Pioneer, SL-Agritech, Longping, Seedworks at Bioseed. Sa kasalukuyan ang Mestizo, SL 8, 12, 18, S6003, PHB 73, 77 at Bigante ang mabibili at inirerekomenda sa pangmalawakang pagtatanim.




1. **Gumamit ng bago at tamang dami ng buto**

* Huwag gamitin muli ang butong inani mula sa hybrid. Maghanda nang 20 kilong (k) bagong buto bawat ektarya.
* Dahil sa ***hybrid vigor***, mas mabilis humaba ang mga ugat at lumapad ang mga dahon, at mas mabutil ang mga uhay ng binhing hybrid. Dahil dito, mas marami pa rin ang ani kahit 20 kilong binhi lang ang ginamit.
* Ibabad ang mga buto ng 12-24 na oras sa malinis na tubig. Palitan ang tubig kada 6 oras, at pagkatapos ay alisin ito rito at hugasan. Kulubin ang mga buto nang 12-36 oras, o hanggang sa may makitang puting tuldok (ito ay bahagi ng ugat) na lumalabas mula sa buto. Panatilihin itong mainit at mamasa-masa sa panahon ng pagkukulob.

***Paalala:*** *Ang buto ng hybrid ay maaring medyo maitim, mas magaan, at di gaanong puno at sarado.*

2. **Magpatubo ng Malusog na Punla.**

* Habang nakababad ang mga buto, ihanda ang lupa at gumawa ng 400 $m^2$ punlaan. Maghanda ng kamang punlaan na may 1 metro ang lapad (kahit anong haba).



***Paalala:*** *Ang punlaan ay dapat na malayo sa mga ilaw upang di makaakit ng mga insekto; may sapat na patubig; walang sakit na iniwan ng dating halaman; at madaling patuyuan. Kung nababad ang lugar, itaas ang punlaan ng hanggang 5 cm.*

* Lagyan ng 10-15 sakong organikong bagay (Hal. kompost, uling na ipa, pinabulok na ipot ng manok) ang bawat 400 $m^2$ na punlaan upang bumuhaghag ang lupa. Sa gayon, mas madaling bunutin ang punla at di masisira ang mga ugat.
* Ipunla dito ang kinulob na mga buto. Magpunla o magsabog ng buto sa daming 50 gramo/$m^2$.
* Kontrolin kaagad ang mga damo. Mabilis ang pagdami ng damo kung di lubusang nabulok ang mga organikong bagay at madalang ang ipinunla o isinabog na buto. Alagaan din ang mga batang punla ng palay mula sa daga at kuhol.
* Kung may sintomas nang kakulangan sa sustansiya, mag-abono ng ***ammonium phosphate*** (16-20-0) o complete (14-14-14) sa daming 5-10 g/$m^2$ 10 araw pagkapunla.
* Siguraduhin laging may 1-2 sentimetrong (cm) lalim ng tubig ang lumalagong punla. Mataas ngunit mahina ang punla kung sobrang lalim ang tubig.



3. **Ihanda ang lupa nang maayos at maaga.**

* Ihanda ang lupa 3 linggo bago maglipat-tanim. Ulit-ulitin ang pag-aararo at pagsusuyod upang mabulok at maihalo nang husto ang damo, dayami, at dumi ng hayop. Mag-basal ng abono sa huling paglilinang kung kinakailangan.

4. **Maglipat-tanim at maghulip**

* Bunutin at ilipat-tanim ang mga 20-25 araw-gulang na punla sa daming 1-2 punla bawat tundos at sa layong 20cm x 15cm kung tag-araw at 20cm x 20cm. kung tag-ulan.
* Maghulip o palitan ang mga di-nabuhay na punla 3-5 araw pagkalipat tanim upang magsabay pa rin ang paggulang ng palay.

***Paalala:*** *Kung sobrang lapit ang pagtatanim, di gaanong makapagsuwi ang halaman. Maiiksi ang mga uhay, at matataas at mapapayat ang mga puno kaya madaling dumapa.*

5. **Ibigay ang tamang uri at dami ng abono sa tamang panahon.**

* Upang mas makasiguro, ipasuri ang inyong lupa nang malaman ang tamang uri at dami ng pataba na dapat ilagay. Konsultahin ang teknisyan sa inyong lugar para malaman ang rekomendadong panahon at pamamaraan ng pagabono ng palay.

| | **TAG-ULAN** | **TAG-INIT** |
|---|---|---|
| | Tamang Dami | |
| N | 60-100 kilo/ha. | 90-150 kilo/ha. |
| P | 30-60 kilo/ha. | 30-60 kilo/ha. |
| K | 30-60 kilo/ha. | 30-60 kilo/ha. |
| Organiko | 5-8 sako | 5-8 sako |
| Panahon ng pagpapataba | | |
| | Basal (NPK) 2/3 N lahat ng P at K | 3/6 N lahat ng P at K<br>2/6 N, 5-7 araw bago maglihi<br>1/6 N, sa pamumulaklak |

6. **Patubigan nang tamang dami**

* Panatilihin ang 2-3cm. lalim ng tubig 2 araw pagkalipat-tanim. Unti-unting palalimin ito nang hanggang 5cm habang nagsusuwi at nagbubuntis ang palay.
* Patuyuan ang bukid 2 linggo bago mag-ani kung tag-ulan. Kung tag-araw, unti-unting bawasan ang tubig hanggang mamasa-masa lamang upang di-mapilit mahinog ang mga butil.

***Paalala:*** *Kung kulang ang tubig, nalalanta ang mga dahon ng palay. Bunga nito, hindi nakakagawa ang mga dahon ng sapat na pagkain at di naiiliipat ang pagkain sa iba't ibang bahagi ng halamang palay.*




7. **Alagaan ang palay laban sa peste**

* <u>**Insekto.**</u> Magtanim ng sabayan sa loob ng isang buwan nang regular na pagtatanim sa komunidad. Sa loob ng 40 araw, paglipat-tanim, hindi kailangang magbomba ng pestisidyo laban sa mga insektong naninira ng dahon.
* <u>**Damo.**</u> Maglagay ng pre-emergence herbicide 2-5 araw pagkalipat-tanim. Bunutin ang mga matitirang damo.
* <u>**Golden Kuhol.**</u> Magpastol ng mga itik; pulutin durugin, pati na ang mga itlog, kontrolin ang lalim ng tubig.
* <u>**Sakit.**</u> Tanggalin ang mga halamang may sakit bago pa man ito kumalat. Magtanim ng sabayan.
* <u>**Daga.**</u> Bago pa man magsimula ang pagsasaka, sama-sama nang sirain ang mga lugar na pinag-aanakan nito.